Multnomah Votes

Multnomah County

# Mayo 2026 Pangunahing Halalan Pamplet para sa mga Botante ng Multnomah County sa Wikang Tagalog

# Mayroong dalawang paraan para Ibalik ang iyong Balota

Isumite ang iyong Balota sa pamamagitan ng sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo nang o bago mag-Araw ng Halalan; o Ibalik ang iyong Balota sa isang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota nang hindi lalampas sa 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan, Mayo 19, 2026.

## Pamplet para sa mga Botante ng Multnomah County

## Mayo 19, 2026 Pangunahing Halalan

## Makikita sa Loob ang Impormasyon sa Pagboto na Nasa Iba't Ibang Wika

Huling Araw ng Pagrerehistro ng Botante

Mag-rehistro para makaboto bago mag-**Martes, Abril 28, 2026**. Kung kinakailangan, i-update ang iyong impormasyon sa rehistro ng botante o magrehistro para makaboto sa OregonVotes.gov/MyVote

Mga Epekto ng Konstruksyon

Ang mga opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota ay naapektuhan ng mga pagsasara para sa konstruksyon ng aklatan ngayong halalan.

Sa loob ay may makikita kang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota.

Mapagkakatiwalaang Impormasyon tungkol sa Halalan

**Tandaan:** Ang pinakamahusay na paraan para makahanap ang mga botante ng Multnomah County ng mapagkakatiwalaang impormasyon tungkol sa halalan ay ang pagbisita sa aming website sa MultnomahVotes.gov o pagtawag sa amin sa 503-988-VOTE (8683).

**Multnomah County Duniway-Lovejoy Gusali para sa Pangangasiwa ng Halalan (Multnomah County Duniway-Lovejoy Elections Building)**

1040 SE Morrison Street, Portland, OR 97214

**Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante (Voting Center Express)**

(Sa loob ng Silangang Gusali ng Multnomah County (Multnomah County East Building))

600 NE 8th Street, Gresham, OR 97030

**Bukas sa Abril 23 – Mayo 19, 2026**

Multnomah Votes

**#MultnomahVotes**
@MultCoElections
Telepono: 503-988-VOTE 800-735-2900 TTY
MultnomahVotes.gov elections@multco.us

## KAILANGAN NG TULONG SA PAGBOTO?

Kontakin ang Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections)
Telepono: 503-988-VOTE (8683)
Serbisyo ng Paghahatid ng mga Telekomunikasyon ng Oregon (TTY): 711

**PAKITANDAAN: Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections) ang impormasyon gaya ng naisumite.** Hindi *namin* itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon.

**Minamahal na Botante ng Multnomah County:**

Ang bahaging ito ng iyong Pamplet para sa mga Botante ay inilaan ng Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections). Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na hurisdiksyon sa loob ng mga hangganan ng County. Kasama sa Pamplet ng Estado (sa magkabilang tabi ng seksyong ito na may pulang print sa gilid ng pahina) ang mga pederal at pang-estado na kandidato.

Narito ang ilang bagay na dapat mong malaman:

- Ang mga labanan ng mga kandidato para sa mga katungkulang inihahalal sa Multnomah County at Lungsod ng Portland (City of Portland) ay hindi makikita sa balota ng Mayo 2026. Ang mga labanan ng mga kandidato para sa mga katungkulang inihahalal sa Multnomah County at Portland ay makikita sa susunod na balota sa Nobyembre 3, 2026, — kung saan makakasama ng mga botante ng County ang mga botante ng Lungsod ng Portland (City of Portland) sa pagsasagawa ng pagboto ayon sa niranggong pagpipillian sa Multnomah County. Ang panahon ng paghahain para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 2026 ay magsisimula sa Hunyo 3, 2026. **Para malaman ang higit pa tungkol sa pagboto ayon sa niranggong pagpipillian, pumunta sa multco.us/rcv**.

- **Apat na opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota sa mga aklatan ang naapektuhan ng mga pagbabago sa konstruksyon o pagsasara ng mga aklatan ngayong halalan. Kabilang dito ang: Aklatan ng Belmont (Belmont Library), Aklatan ng Gresham (Gresham Library), Aklatan ng Northwest (Northwest Library), at Aklatan ng St. Johns (St. Johns Library).** Kung madalas mong puntahan ang isa sa mga lokasyon ng mga aklatang ito, maaari mong tingnan ang pahina ng aming 24 na Oras na Opisyal na Mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota para sa higit pang mga detalye kung paano ibalik ang iyong balota sa isa sa aming bagong opisyal na mga lokasyon ng kahon ng balota. **Para sa listahan ng mga opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota sa Multnomah County, bisitahin ang aming website:** Multco.us/DropSites

- **Ang M&M Carwash/Sinehang Regal (Regal Cinemas) (SE Division at 165$^{th}$ Ave.) ay hindi na ituturing na opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota.** Sinisikap ng Dibisyon ng mga Halalan na magtatag ng bagong opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota sa komunidad na ito.

- Maaari mong tingnan ang iyong katayuan sa rehistrasyon sa oregonvotes.gov/myvote. Doon mo maaaring i-update ang iyong rehistrasyon ng botante o subaybayan ang iyong balota. Ang Huling Araw ng Rehistrasyon ng Botante/Pagbabago ng Partido ay sa Abril 28, 2026.

- **Ang lahat ng botante ay makatatanggap ng balota na naglalaman ng mga labanang walang kinikilingan at mga panukalang-batas (kung naaangkop). Kung nais mong bumoto para sa mga kandidato ng Partidong Demokratiko (Democratic Party) o Republican (Republican Party) sa Pangunahing Halalan sa Mayo, kailangan mong mag-rehistro sa isa sa mga partidong iyon bago ang huling araw ng Rehistrasyon ng Botante/Pagbabago ng Partido sa Abril 28, 2026.**

- Maaari mong piliin o baguhin ang iyong partido sa pamamagitan ng pag-update online ng iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante (gamit ang Oregon DMV na Lisensya/ID o ang huling apat na numero ng iyong Social Security) sa oregonvotes.gov/myvote o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang Kard ng Rehistrasyon ng Botante sa Oregon na makikita sa pamplet na ito o saanmang aklatan o post office ng Multnomah County. **Ang Huling Araw ng Rehistrasyon ng Botante/Pagbabago ng Partido ay sa Abril 28, 2026.**

- Kung babaguhin mo ang iyong kaalyadong partido malapit sa huling araw ng Abril 28, 2026, maaari kang makatanggap ng dalawang balota. Bumoto gamit lamang ang pangalawang balota kung saan naroon ang iyong bagong partido. Hindi mabibilang ang unang balota.

- Kung rehistrado ka sa partidong Demokratiko (Democratic Party) o Republican (Republican Party), makatatanggap ka rin ng hiwalay na balota para sa Precinct Committeeperson. Ang mga kandidato sa precinct committee ay hindi makikita rito sa Pamplet ng mga Botante. Makikita ang higit pang impormasyon tungkol sa mga labanang ito sa likurang bahagi ng balota para sa Precinct Committeeperson.

- Ang mga balota ay ipadadala sa koreo simula sa Miyerkules, Abril 29. Kung hindi mo matanggap ang iyong balota bago mag-Huwebes, Mayo 7, 2026, tumawag sa 503-988-VOTE (8683) o mag-email sa elections@multco.us.

Para mabilang, **ang mga binotohang balota ay kailangang matanggap sa alinmang tanggapan para sa halalang Pang-county sa Oregon o sa lokasyon ng opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota bago mag-8:00 p.m. ng Martes, Mayo 19, 2026, o namarkahan ng koreo bago mag-Martes, Mayo 19, 2026.**

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, maaari kang makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa 503-988-VOTE (8683).

Taos-pusong sumasaiyo,

Tim Scott, Direktor sa Halalan ng Multnomah County

**PAKITANDAAN: Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections) ang impormasyon gaya ng naisumite.** Hindi *namin* itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon.

# Mga Depinisyong Pang-halalan

Ginaganap ang mga Pangunahing Halalan sa ikatlong Martes ng Mayo ng mga taong nagtatapos sa pantay na numero. Ang halalan sa Martes ng Mayo 19, 2026 ay isang Pangunahing Halalang Pang-gobernador at paunang halalan kung saan pipili ang mga botante ng mga kandidato ng partido para kumandidato bilang kinatawan ng kanilang partido sa pangkalahatang halalan.

## Inisyatibong Nakapaloob sa Balota

Isang iminungkahing batas na binuo ng mga residente at inilagay sa balota upang aprubahan o tanggihan ng mga botante. Ang mga inisyatibong nakapaloob sa balota ay karaniwang isinusulat ng isang grupo ng mga residente na masigasig sa isang partikular na isyu.

## Mga Bond

Ang mga bond ay mga obligasyon sa utang na inisyu ayon sa mga hurisdiksyon upang pondohan ang mga malalaking proyekto sa pagpapahusay sa imprastruktura. Katulad ng isang hinuhulugang bahay, ginagamit ang mga ito para pondohan ang mga malalaking gastusin sa paglipas ng panahon. Ang mga bond ay karaniwang binabayaran sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian. Ang epekto sa pananalapi ng isang halalan ukol sa bond ay mag-iiba sa bawat residente batay sa mga halaga ng ari-arian at sa bilang ng mga bond na inisyu.

## Saradong Pangunahing Halalaan para sa Partido

Sa Oregon, kailangang rehistrado ang mga botante sa kanilang napiling partido nang hindi bababa sa 21 araw bago ang halalan. Ang mga botanteng hindi rehistrado sa isang malaking partidong pampolitika ay makatatanggap ng mga labanan ng mga kandidatong walang kinikilingan at mga panukalang-batas sa balota sa mga saradong pangunahing halalaan para sa partido.

## Distritong Kongresyonal

Isang subdibisyong pampolitika para sa layuning maghalal ng mga kinatawan ng Estados Unidos. Sa kasalukuyan, ang Oregon ay may anim na distritong Kongresyonal.

## Ipinataw na Buwis (pangngalan)

Isang iniatas na paniningil ng (mga) lokal o pang-estadong buwis, na may pag-apruba ng botante, kung saan maaari itong isang pag-renew ng umiiral na mga buwis o pagtaas sa isang buwis sa pamamagitan ng lokal na opsyon na singil sa buwis na may pag-apruba ng botante.

## Magpataw ng Buwis (pandiwa)

Para magtasa o magpataw ng lokal na buwis na higit sa kasalukuyang mga halaga sa loob ng isang takdang panahon na may pag-apruba ng botante.

## Panukalang-Batas

Ang panukalang-batas ay alinman sa mga sumusunod na isinumite sa mga tao para sa kanilang pag-apruba o pagtanggi sa panahon ng halalan: (a) Isang iminungkahing batas, (b) isang Batas o bahagi ng Batas ng Lehislatibong Kapulungan, (c) isang rebisyon o pag-amyenda sa Konstitusyon ng Oregon, (d) lokal, espesyal o pang-munisipyo na lehislasyon, (e) isang proposisyon o katanungan.

## Precinct Committee Person (PCP)

Isang hinalal o itinalagang indibidwal na kumakatawan sa isang malaking partidong pampolitika at sa mga botante sa loob ng isang presinto.

## Presinto

Ang presinto ay ang pinakamaliit na subdibisyong heograpiko para sa mga layunin ng pagboto. Ang Multnomah County ay may 107 presinto.

## Sobreng may Lagda

Ilalagay ng botante ang kanilang balota sa sobreng may lagda, pipirmahan ito, at ibabalik sa pamamagitan ng koreo (namarkahan ng koreo sa o bago ang araw ng halalan) o ihuhulog ang balota sa alinmang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota sa Oregon bago ang araw ng halalan. Beberipikahin ng Tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan ang lagda upang matiyak na tumutugma ito sa lagdang nasa kard ng rehistrasyon ng botante na ibinibigay kapag nagpaparehistro para makaboto.

Makikita ang higit pang mga depinisyon sa:
**multco.us/info/election-definitions**
**oregon.gov/languages/pages/glossary.aspx**

# Mga Detalyeng Dapat Malaman tungkol sa Pagboto at Halalan

## Sino ang maaaring mag-rehistro para makaboto sa Oregon?

- Ikaw dapat ay isang mamamayan ng Estados Unidos,
- Isang residente ng Oregon,
- At hindi bababa sa 16 na taong gulang. Makukuha mo ang iyong unang balota sa pamamagitan ng koreo kapag ikaw ay 18 taong gulang na.

**Kailangan kang mag-rehistro para makaboto nang hindi bababa sa 21 araw bago ang Araw ng Halalan.**

## Paano ako maaaring mag-rehistro para makaboto?

- Online sa oregonvotes.gov/register o
- Sa isang papel na Kard ng Rehistrasyon ng Botante ng Oregon na maaaring kunin sa tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan, DMV, pampublikong aklatan, o post office.

## Paano isinasagawa ang pagboto sa pamamagitan ng koreo?

Ang lahat ng halalan sa Oregon ay isinasagawa ng tanggapan para sa halalang pang-county. Direktang ipinapadala sa mga botante ng tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan ang mga balota sa pamamagitan ng koreo. Kukumpletuhin ng mga botante ang kanilang mga balota, at pagkatapos ay ibabalik ang mga ito sa tanggapan para sa halalang pang-county sa pamamagitan ng koreo o paghulog sa mga ito sa isang Opisyal na Drop Box ng Balota.

## Ilang simpleng hakbang para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo:

1) Mag-rehistro para Makaboto
2) Tumanggap ng Kard na may Rekord ng Rehistrasyon ng Botante
3) Tumanggap ng Pamplet para sa mga Botante


4) Tanggapin ang Iyong Balota

5) Bumoto gamit ang Iyong Balota

6) Ibalik ang Iyong Balota


## Paano bumoto gamit ang aking balota?

Hanapin ang kandidato o tugon sa panukalang-batas (YES (OO) o NO (HINDI)) na iyong napili. Ganap na itiman ang bilog sa kaliwa ng iyong napili gamit ang itim o asul na tinta. Huwag gumamit ng mga felt tip marker.




## Mga Boto para sa Pagsasama ng Pangalan

Upang bumoto para sa pagsasama ng pangalan ng isang kandidato na hindi nakikita sa balota, ganap na itiman ang bilog sa kaliwa ng linyang nakalaan para sa naturang katungkulan at isulat ang buong pangalan ng kandidato sa linyang iyon.





- Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan.
- Ang iyong opisyal na balota ay maaaring maglaman ng mga labanang nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.
- Ilagay ang balota sa sobre para sa pagbabalik ng patunay ng pagkakakilanlan.
- Basahin ang Pahayag ng Botante na nasa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.
- **Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi mo nilagdaan ang sobreng ibinalik.**
- Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa rehistrasyon na nasa file. Kailangang magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota.

Kung bumoto ka ng mas maraming kandidato kaysa sa pinahihintulutan, o kung **pareho** mong binoto **ang Yes (Oo) at No (Hindi)** sa isang panukalang-batas, tinatawag itong bumoto nang labis at **hindi mabibilang** ang iyong boto para sa labanang iyon.

**Kung nagkamali ka o nagbago ang isip mo habang minamarkahan ang iyong balota,**

- Maaaring ikaw mismo ang magwasto nito. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

- **Gawing malinaw ang iyong pagpili** para maunawaan ang iyong hangarin at mabilang nang tama ang iyong boto.




- Kung hindi mo magawang iwasto ang iyong balota, maaari kang humiling ng pamalit na balota mula sa tanggapan para sa pangangasiwa ng halalan.

## Ibalik ang Iyong Balota



Ipadala sa amin ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo ng U.S. (U.S. Mail). Kailangang namarkahan ito ng koreo sa o bago ang Araw ng Halalan sa Mayo 19, 2026. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.



Dalhin ang iyong balota sa alinmang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Oregon bago mag-8:00 p.m. sa o bago ang Araw ng Halalan sa Mayo 19, 2026.

# 24 na Oras na Opisyal na Mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota

## Portland

### <u>North</u>

- **Rose Quarter** – matatagpuan sa timog na bahagi ng Rose Quarter katabi ng fountain at Rip City na sign – Sa normal na oras ng negosyo, maaaring may libreng parking nang 15 minuto o mas mababa sa Annex parking lot sa N Drexler Dr. malapit sa Interstate Ave. (Hindi available ang parking kapag may mga kaganapan sa Rose Quarter.) **Walk-up lamang.**
- **Paaralang Elementarya ng James John (James John Elementary School)** – 8315 N Lombard St. - Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay nasa bangketa sa hilagang-kanlurang kanto ng N Lombard St. at Charleston Ave. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Kenton (Kenton Library)** (Library Book Drop) – 8226 N Denver Ave.

- **North Lombard McDonald's** – 3011 N Lombard St. – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa bangketa – **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng North Portland (North Portland Library)** (Library Book Drop) – 512 N Killingsworth St.
- **Parke ng McCoy (McCoy Park)** – matatagpuan sa timog-silangang kanto ng McCoy Park malapit sa sangandaan ng N Trenton St. at Newman Ave. **Walk-up lamang.**

## Northeast

- **Aklatan ng Albina (Albina Library)** – 205 NE Russell St. – Ang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota ay katabi ng puwesto para sa pagsasauli ng libro sa timog na bahagi ng gusali malapit sa paradahan ng bisikleta.
- **Aklatan ng Gregory Heights (Gregory Heights Library)** (Library Book Drop) – 7921 NE Sandy Blvd.
- **Aklatan ng Hollywood (Hollywood Library)** (Library Book Drop) – 4040 NE Tillamook St.
- **McDonald's Restaurant** – 2010 NE Cesar Chavez Blvd. – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng NE 40th Ave. sa pagitan ng NE Tillamook St. at NE Hancock St. at malapit sa Aklatan ng Hollywood (Hollywood Library).
- **Komunidad ng Parkrose (Parkrose Neighborhood)** – 4390 NE 102nd Ave. – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa silangang parking lot sa tapat ng kalye mula sa Sentro ng Edukasyong Pangkomunidad ng MHCC Maywood (MHCC Maywood Park Center) sa NE 102nd Ave. at Prescott St.

## Northwest

- **Aklatan ng Northwest (Northwest Library)** – BAGONG ADDRESS - 2030 NW Pettygrove St. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay nasa kanan ng library book drop.

## Southeast

- **Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections)** – 1040 SE Morrison St.
  - **SE 11th Avenue** – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa silangang bahagi ng SE 11th Ave. sa pagitan ng SE Morrison St. at SE Belmont St.
  - **SE Belmont Street** – Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa hilagang bahagi ng SE Belmont St. sa pagitan ng SE 10th Ave. at SE 11th Ave.
  - **1040 SE Morrison Street** – Ang Walk/Bike-up na Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota ay isang puwestong nasa gilid ng gusali na matatagpuan sa kanto ng SE 11th Ave. at SE Morrison St.

- **Hawthorne Holds Pickup** (Library Book Drop) – 3557 SE Hawthorne Blvd. – Maaaring gamitin ng mga botante ang book drop at panloob na drop box ng balota.
- **Aklatan ng Holgate (Holgate Library)** – 7905 SE Holgate Blvd. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay nasa kaliwa ng contactless library holds pickup sa hilagang bahagi ng gusali, malapit sa parking lot. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Midland (Midland Library)** – 805 SE 122nd Ave. – Ang Opisyal na Drop Box ng Balota ay katabi ng puwesto para sa pagsasauli ng libro sa timog na bahagi ng gusali. Maaaring ihulog ang mga balota sa Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa parking lot ng aklatan.
- **Portland Mercado** – 7238 SE Foster Rd. – Ang Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota ay matatagpuan sa plasa ng Portland Mercado sa SE Foster Rd. at 72nd Ave. **Walk-up lamang.**
- **Aklatan ng Rockwood (Rockwood Library)** (Library Book Drop) – 17917 SE Stark St.
- **Aklatan ng Sellwood – Moreland (Sellwood – Moreland Library)** (Library Book Drop) – 7860 SE 13th Ave.
- **Aklatan ng Woodstock (Woodstock Library)** (Library Book Drop) – 6008 SE 49th Ave.

## Southwest

- **Suplay ng A-Boy (A-Boy Supply)** – 7365 SW Barbur Blvd.
- **Aklatan ng Capitol Hill (Capitol Hill Library)** (Library Book Drop) – 10723 SW Capitol Hwy.
- **Aklatan ng Central (Central Library)** – (Library Book Drop) – 801 SW 10th Ave. – Ang mga balota ay maaari ding ihulog sa **drive-up** book drop sa SW 11th Ave. sa pagitan ng SW Yamhill St. at Taylor St.
- **Aklatan ng Hillsdale (Hillsdale Library)** (Library Book Drop) – 1525 SW Sunset Blvd.
- **Plasa ng Pioneer Courthouse (Pioneer Courthouse Square)** – 700 block ng SW Broadway (sa tabi ng Starbucks at sa tapat ng Nordstrom) – **Walk-up lamang.**

## Fairview

- **Aklatan ng Fairview - Columbia (Fairview – Columbia Library)** (Library Book Drop) – 1520 NE Village St.

## Gresham

- **Dating Aklatan ng Gresham (Gresham Library)** – 385 NW Miller Ave. **Drive-up** na Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa parking lot.
- **Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante (Voting Center Express) –**

**Limitadong Oras** – Silangang Gusali ng Multnomah County (Multnomah County East Building), 600 NE 8th St. – Mayroong Opisyal na Drop Box ng Balota na matatagpuan sa loob ng Karagdagang Lugar ng Serbisyo para sa Botante (Voting Center Express) sa unang palapag ng Silangang Gusali ng Multnomah County (Multnomah County East Building). Bukas lamang ito sa mga oras na bukas ang lugar ng serbisyo para sa botante. Kakailanganin mong pumarada at pagkatapos, lumakad papasok para ihulog ang iyong balota.

## Troutdale

- **Aklatan ng Troutdale (Troutdale Library)** – (Library Book Drop) – 2451 SW Cherry Park Rd.

# Mga Pagbabago sa Lokasyon ng Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota

Ang sumusunod na apat na Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota ay naapektuhan ng mga pagbabago o pagsasara ng mga aklatan. Para sa impormasyon tungkol sa pagsasara ng Aklatan ng Multnomah County (Multnomah County Library), bisitahin ang: **MultCoLib.org/library-construction-closures**. Para sa listahan ng kasalukuyang Opisyal na Mga Lugar para sa Pagsumite ng Balota sa Multnomah County, bisitahin ang: **Multco.us/DropSites**.

## North Portland

**Aklatan ng St. Johns (St. Johns Library)** – 7510 N Charleston Ave.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng St. Johns (St. Johns Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay matatagpuan sa bangketa ng Paaralang Elementarya ng James John (James John Elementary School) (8315 N Lombard St.) sa hilagang kanlurang kanto ng N Lombard St. at Charleston Ave. Isa itong walk-up na kahon ng balota.

## Northwest Portland

**Aklatan ng Northwest (Northwest Library)** – **Dating Address** – 2300 NW Thurman St.

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng Northwest (Northwest Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: nagbago na ang address ng aklatang ito mula pa noong huling halalan. **Ang BAGONG aklatan ng Northwest (Northwest library) ay matatagpuan sa 2030 NW Pettygrove St.**

## Southeast Portland

**Aklatan ng Belmont (Belmont Library)** – 1038 SE César E Chávez Blvd.
*Sarado ang aklatan dahil may ginagawa.*

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng Belmont (Belmont Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: ang pinakamalapit na opisyal na drop box ng balota ay

matatagpuan sa loob ng Hawthorne Holds Pickup (3557 SE Hawthorne Blvd.) Magagamit ng mga botante ang book drop at ang drop box ng balota sa loob.

## Gresham

**Aklatan ng Gresham (Gresham Library)** – 385 NW Miller Ave.
*Sarado ang aklatan; permanenteng lilipat.*

Kung gagamitin mo ang Aklatan ng Gresham (Gresham Library) para ihulog ang iyong balota, pakitandaan: Sarado ang Aklatan ng Gresham (Gresham Library) bilang paghahanda sa pagbubukas ng BAGONG Aklatan ng East County (East County Library), **ngunit maaari mo pa ring gamitin ang drive-up na Opisyal na Drop Box ng Balota sa parking lot.**

# Gumawa ng plano na bumoto!

Nais ng Mga Halalang Pang-county ng Multnomah (Multnomah County Elections) na makaboto ang lahat ng botante at malaman kung sino ang mahihingan ng tulong. Tinutulungan ng Pangkat na Tumutulong sa Botante (Voter Assistance Team, VAT) ang mga botante na may kapansanan at mga botante na may iba pang mga tanong.

Makakapagbigay kami sa inyo ng tulong na:

- Magrehistro para makaboto o tingnan ang inyong pagpaparehistro ng botante.
- Markahan o basahin ang inyong balota.
- I-update o beripikahin ang iyong pangalan, address, o iba pang impormasyon ng botante.
- Unawain ang mga tuntuning panghalalan at mga hakbang sa pagboto.

**Ang mga Serbisyong ito ay laging libre.**

Alamin ang higit pa tungkol sa ating mga opsyon sa tinutulungan at independiyenteng pagboto sa **MultnomahVotes.gov**

**Kontakin kami sa pamamagitan ng pagtawag, pag-email o paggamit ng aming online form:**

503.988.VOTE (8683) • elections@multco.us

Online:
***Multco.us/VATForm***

**Ano ang dapat mong gawin para maghanda o magplano sa Pagboto**

- Maglaan ng oras para pag-isipan ang nilalaman ng iyong balota.
- Makipag-usap sa mga tao para talakayin ang mga isyu.
- Magsaliksik sa web, TV, radyo, o mga babasahin.
- Maglaan ng oras para pag-isipan ang iyong boto.

Para sa mga pagsasalin ng wika, pumunta sa *MultnomahVotes.gov* at mag-scroll hanggang sa dulong ibaba.

# Panukalang-Batas 26-261
# Isinasangguni sa mga Tao ng Lupon ng Mga Komisyonado ng County

Limang-taong pagpapataw ng buwis: Aklatan, Museo, at mga programang pang-edukasyon ng Samahang Pangkasaysayan ng Oregon (Oregon Historical Society).

**TANONG:**
Dapat bang i-renew ng County ang 5-taong ipinapataw na buwis para sa museo ng kasaysayan, aklatan, at mga programang pang-edukasyon; panatilihin ang $.05 kada $1,000 ng tinasang halaga, pangangasiwa, simula 2026? Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**BUOD:**
Noong 2021, inaprubahan ng mga botante ang limang-taong lokal na opsyon na singil sa buwis na $.05 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian upang suportahan ang Samahang Pangkasaysayan ng Oregon (Oregon Historical Society OHS). Ipagpapatuloy ng pag-renew ng singil sa buwis na ito ang suporta sa museo, aklatan, at mga programang pang-edukasyon ng OHS, at popondohan ang mga sumusunod nang hindi nagtataas ng buwis:

Mga Programang Pang-edukasyon;
Libreng pagpasok para sa mga grupong pampaaralan at residente ng Multnomah County;
Pangangalaga sa mga mahahalagang kayamanan at sinaunang kagamitan ng Oregon;
Pagsuporta sa apat na samahang pangkasaysayan ng County: Organisasyong Pangkasaysayan ng East County (East County Historical Organization), Samahang Pangkasaysayan ng Gresham (Gresham Historical Society), Samahang Pangkasaysayan ng Troutdale (Troutdale Historical Society), at Samahang Pangkasaysayan ng Bayan ng Crown Point (Crown Point Country Historical Society);
Patuloy na palalakasin ng OHS ang mga pagsisikap nito na magbigay ng mga eksibit at serbisyo na sumasalamin sa iba’t ibang kasaysayan ng ating rehiyon, at makikipag-ugnayan sa lahat ng lugar ng ating county.

Ang ipinapataw na buwis ay magpapatuloy sa rate na $.05 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian, at papalitan nito ang 2021 na ipinataw na buwis. Ang isang bahay na tinasang nagkakahalaga ng $250,000 ay magbabayad ng $12.50 sa isang taon.

Susuriin ng isang independiyenteng komite ng mga mamamayang tagapangasiwa ang mga paggasta upang tiyaking ginagamit ang mga pondo ayon sa inaprubahan ng mga botante. Isasagawa at isasapubliko ang mga taunang pag-awdit.

Ang ipapapataw na buwis ay makakalikom ng tinatayang $3.88 milyon para sa 2026-2027 na taong pananalapi; $4.00 milyon para sa 2027-2028 na taong pananalapi; $4.12

milyon para sa 2028-2029 na taong pananalapi; $4.24 milyon para sa 2029-2030 na taong pananalapi; at $4.37 milyon para sa 2030-2031 na taong pananalapi.

Ang tinatayang gastos para sa panukalang-batas na ito ay isang PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**
Itinatag noong 1898, ang Samahang Pangkasaysayan ng Oregon (Oregon Historical Society OHS) ay nagpapatakbo ng isang museo at pampublikong aklatan para sa pananaliksik sa sentro ng Portland, nangangalaga sa pinakamalaking koleksyon ng mga makasaysayang kagamitan tungkol sa estado ng Oregon, at nag-aalok ng mga programa tungkol sa mga tao, lugar, at mga kaganapang humubog sa Oregon. Bukod dito, ang OHS ang pangunahing samahang pangkasaysayan para sa Multnomah County, na may mga larawan, mapa, manuskrito, aklat, pelikula, at mga kasaysayang pasalita na nagtatala sa kasaysayan ng County.

Taon-taon, tinatayang 40,000 katao ang bumibisita sa mga pasilidad ng OHS sa Portland, kabilang ang humigit-kumulang 5,000 batang mag-aaral at mga estudyante sa kolehiyo. Nagtatampok ang museo ng OHS ng tatlong permanenteng eksibisyon at mga nagpapalit-palit na instalasyon tungkol sa iba't ibang paksa. Noong 2024, binuksan ng OHS ang *Rivers, Roses, and Rip City*, ang unang permanenteng eksibisyon na nakatuon sa kasaysayan ng Portland. Ang nakaeengganyong eksibisyong ito, na nakalagay sa Galeriya ng Pamilya Naito ng OHS, ay nagbibigay-kaalaman tungkol sa natatanging tanawin ng Lungsod at mga komunidad at taong nakatutulong sa masiglang pagkakakilanlan nito. Bukod dito, inilalathala kada tatlong buwan ng OHS ang pinakamatagal na akademikong babasahin sa Kanlurang bahagi ng rehiyon na sinuri ng mga dalubhasa, ang *Publikasyong Pangkasaysayan ng Oregon*, na sumusuporta sa mga bagong pananaliksik, nagpapalawak ng kaalaman at mga pananaw, at nagpapasimula ng mga makabuluhang talakayan tungkol sa kasaysayan.

Ang mga online na mapagkukunan ng OHS sa ohs.org ay nagbibigay ng mga libreng mapagkukunang pang-edukasyon para sa mga mag-aaral at nagnanais na matuto anuman ang edad. Noong 2024, ang mga online na koleksyon ng Samahan ay naakses ng mahigit 1.3 milyong bisita, kung saan mahigit 20% ng mga bisita ay nagmula sa Multnomah County. Nakatakdang ilunsad ng OHS ang isang makabagong website sa tagsibol ng 2026 na ganap na nakatuon sa pagbabahagi ng kasaysayan ng Portland sa pamamagitan ng mga digital na materyales sa koleksyon at malikhaing teknolohiya.

Pananatilihin ng pondo mula sa ni-renew na singil sa buwis ang kasalukuyang oras ng pampublikong operasyon ng OHS na 47 oras kada linggo para sa museo at 32 oras kada linggo para sa aklatan sa pananaliksik; susuportahan nito ang pangangalaga at pangangasiwa ng mga kasalukuyang eksibit; popondohan ang pagbuo ng mga bagong programang pang-edukasyon at scholarship; at bibigyang-daan ang OHS na patuloy na magbigay ng libreng pagpasok sa museo at mga pamamasyal para sa lahat ng

residente ng Multnomah County at mga K–12 na grupong pampaaralan. Susuportahan din ng mga pondo mula sa pagpapataw ng buwis ang mga operasyon sa apat na samahang pangkasaysayan ng East Multnomah County — ang Organisasyong Pangkasaysayan ng East County (East County Historical Organization ECHO), Samahang Pangkasaysayan ng Gresham (Gresham Historical Society), Samahang Pangkasaysayan ng Troutdale (Troutdale Historical Society), at Samahang Pangkasaysayan ng Bayan ng Crown Point (Crown Point Country Historical Society).

Ang halaga ng pag-renew ng singil sa buwis ay mananatili sa $.05 (limang sentimo) kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian, simula 2026 hanggang 2031. Halimbawa, ang may-ari ng isang bahay na may tinasang halaga na $250,000 ayon sa County ay patuloy na magbabayad ng $12.50 kada taon para sa singil sa buwis na ito.

Ang pananagutan ay isang mahalagang bahagi ng pagpapataw ng buwis na ito, kung saan ang Tagapangulo ng Multnomah County ay patuloy na nagtatalaga ng isang independiyenteng komite ng mga mamamayang tagapangasiwa — kumakatawan sa iba't ibang komunidad ng Multnomah County — upang suriin ang lahat ng mga paggasta kaugnay ng pagpapataw ng buwis. Titiyakin ng Komite sa Pangagasiwa ng Pagpapataw ng Buwis (Levy Oversight Committee) na ang pondo ay gagastusin ayon sa inaprubahan ng mga botante at papayuhan nito ang OHS upang masiguro na ang kanilang lupon, mga partnership, kawani, eksibisyon, at programa ay aktibong kumakatawan sa iba't ibang kultura ng Multnomah County. Bukod pa rito, patuloy na pipili ang Multnomah County ng isang awditor, na babayaran ng OHS, upang magsagawa ng mga taunang awdit sa mga pondo kaugnay ng pagpapataw ng buwis na isasapubliko.

Ang pagpapataw ng buwis na ito ay magpopondo sa humigit-kumulang isang-katlo ng mga operasyon sa OHS. Ang iba pang pondo ay nagmumula sa mga kaloob, pribadong donasyon, bayad sa pagpasok, at iba pang mga kinita.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Eric Arellano, Punong Opisyal sa Pananalapi, Multnomah County)*

# Panukalang-Batas 3-635
# Lungsod ng Lake Oswego (City of Lake Oswego)

Pagpopondo para sa Muling Pagtatayo ng Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station) upang Mapabuti ang Kaligtasan ng Komunidad

**TANONG:**
Dapat bang muling itayo ng Lake Oswego ang himpilan ng bumbero ng South Shore (South Shore fire station) upang mapabuti ang kaligtasan ng komunidad sa pamamagitan ng pag-isyu ng $20.6 milyon na mga bond?

**BUOD:**
Kung maaaprubahan, ang panukalang-batas na ito ay magpapahintulot sa pag-isyu ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon upang buwagin ang kasalukuyang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station) (itinayo noong 1971) at magtayo ng pamalit na istasyon.

Gagawing moderno ng bagong istasyon ang gusali upang mapanatiling maikli ang oras ng pagresponde, magbigay ng mas mataas na antas ng kaligtasan para sa mga bumbero, at matugunan ang mga pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol.

Sinuri ng isang task force ang mga alternatibong opsyon, kabilang ang patuloy na mga pagpapaayos at pagsasara ng istasyon, at inirekomenda ang muling pagtatayo ng istasyon. Gawa ng mga kasalukuyang panuntunan sa pagtatayo ng gusali at mga batas pangkapaligiran, mas mahal na ang pagpapaayos kaysa sa pagtatayo ng bagong gusali. Bukod dito, kailangang muling itayo ang mga silid ng mga bumbero dahil hindi na ito kayang patibayin upang matugunan ang mga kasalukuyang pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol para sa mga mahahalagang pasilidad, kaya malalagay sa panganib ang mga bumbero at ang komunidad kapag may lindol.

Kung tatanggihan ang panukalang-batas, patuloy pa ring gagamitin ang kasalukuyang istasyon hangga't ligtas pa ito, ngunit malamang na kakailanganin itong ipasara balang araw.

Ang mga bond ay tinatayang magkakahalaga ng $0.19 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian taun-taon. Maaaring mag-iba ang aktwal na mga rate batay sa mga rate ng interes at pagbabago sa tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**
**Tungkol sa Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station)**
Itinayo noong 1971, ang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station), na matatagpuan sa 1880 South Shore Boulevard, ay ang pinakamatanda sa apat na himpilan ng bumbero ng Lake Oswego. Bagama't ang pangunahing pinaglilingkuran ng istasyon ay ang timog-silangang bahagi – kabilang ang Mataas na

Paaralan ng Lakeridge (Lakeridge High School), Paaralang Elementarya ng Hallinan (Hallinan Elementary School), Luscher Farm, Sentro ng Libangan at mga Aktibidad na Pantubig ng Lake Oswego (Lake Oswego Recreation and Aquatic Center), Mary's Woods, at ang Komunidad para sa mga Nakatatanda ng Stafford (Stafford Retirement Community). Ang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station) ay nagsisilbi bilang bahagi ng isang sistema ng pagtugon sa emerehensiya sa buong lungsod. Ang mga tauhan, sasakyan, at kagamitan mula sa istasyong ito ay tumutugon sa mga kritikal na insidente at mga emerhensiyang medikal sa buong komunidad ng Lake Oswego.

**Mga Kakulangan sa Pasilidad at Kaligtasan laban sa Lindol**
Sinuri ng isang Task Force ng Komunidad na itinalaga ng Konseho ng Lungsod ang pasilidad at napag-alamang umabot na sa itinakdang tagal ng paggamit ang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station). Hindi nakatatalima ang gusali sa kasalukuyang mga pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol para sa mga mahahalagang pampublikong pasilidad tulad ng mga himpilan ng bumbero, paaralan, o ospital. Natuklasan ng Task Force na ang mga kasalukuyang silid ng mga bumbero ay hindi maaaring patibayin upang matugunan ang mga mahahalagang pampasilidad na pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol. Matapos suriin ang mga alternatibo, natukoy ng Task Force na ang pagsasaayos ng kasalukuyang istruktura ay hindi matipid gawin kumpara sa gastos ng pagtatayo ng pasilidad na bago at ligtas sa lindol.

**Mga Pagpapahusay sa Kalusugan at Operasyon**
Kung maaaprubahan, popondohan ng panukalang-batas ang pagpapatayo ng isang bagong pasilidad na idinisenyong may kasamang:

- **Mga Lugar para sa Pagtanggal ng Kontaminasyon:** Mga itinalagang lugar na idinisenyo para mabawasan ang pagkakalantad ng mga bumbero sa mga materyales na nagdudulot ng kanser na karaniwang nararanasan habang nag-aapula ng sunog.
- **Modernong Paradahan ng mga Sasakyan:** Pinalawak na espasyo para sa imbakan ng mga modernong sasakyang pang-emerhensiya at kagamitan tulad ng pansagip na bangkang pandagat at mga trak na ginagamit para sa pagtugon sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan na hindi akma sa kasalukuyang istrukturang gawa noong 1971.
- **Kahandaan sa Operasyon:** Pasilidad na idinisenyo upang mapanatili ang kasalukuyang mga layunin ng lungsod sa pagtugon sa emerhensiya, kabilang ang target na maabot ang 90% ng mga tawag na may mataas na priyoridad sa loob ng 8 minuto o mas maikli pa.

**Iminungkahing Panukalang-Batas at Epekto sa Pananalapi**
Matapos suriin ang mga alternatibo, kabilang ang pagpapaayos at pagsasara ng Istasyon ng South Station (South Shore Station), inirekomenda ng Task Force ang buong pagpapalit na popondohan ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon dahil

ang mga kasalukuyang panuntunan sa pagtatayo ng gusali at mga regulasyong pangkapaligiran ay nagdudulot ng pagmahal ng pagpapaayos sa mga materyales na gawa noong 1970 kumpara sa pagtatayo ng bagong gusali. Sinuri ng Konseho ng Lungsod ang mga rekomendasyon ng Task Force at isinumite ang panukalang-batas na ito para sa pagsasaalang-alang ng mga botante.

Ang Panukalang-Batas 3-635 ay nagbibigay-pahintulot sa pag-isyu ng hanggang $20.6 milyon na mga pangkalahatang bond sa obligasyon upang buwagin ang kasalukuyang istruktura at magtayo ng bagong istasyon sa kasalukuyang lokasyon.

Tinatayang gagastos kaugnay ng bond ang mga may pag-aari ng $0.19 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian taun-taon. Para sa isang bahay na may tinasang halaga na $600,000, ang tinatayang taunang gastos ay $114.

Kung tatanggihan ang panukalang-batas, hindi magi-isyu ng $20.6 milyon na mga bond, at hindi ipapataw ang buwis sa ari-arian. Ang kasalukuyang istasyon ay patuloy na gagamitin lamang hangga't naituturing itong ligtas, ngunit hindi ito ia-upgrade upang matugunan ang mga modernong pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol, kalusugan, o kaligtasan.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Laura Hawkins, Recorder ng Lungsod/Opisyal ng Halalang Panlungsod, Lungsod ng Lake Oswego (City of Lake Oswego))*

# Panukalang-Batas 26-263
# Distrito ng Paaralang Riverdale 51J (Riverdale School District 51J)

Limang taong lokal na opsyon na buwis ng Riverdale para sa operasyon ng distrito.

**TANONG:**
Dapat bang magpataw ang Riverdale ng buwis na $1.67 kada $1,000 ng tinasang halaga para sa operasyon sa loob ng limang taon simula FY2026-27? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Mula pa noong 2000, inaprubahan ng mga botante ang lokal na opsyon na singil sa buwis upang suportahan ang operasyon ng Distrito ng Paaralang Riverdale 51J (Riverdale School District 51J). Ang panukalang-batas na ito ay magpapahintulot sa Distrito na magpataw ng buwis sa ari-arian na $1.67 kada $1,000 ng tinasang halaga bawat taon sa loob ng limang taon upang makatulong sa pagpopondo ng operasyon ng Distrito. Ang panukalang-batas na ito ay nagpapakita ng pagtaas sa kasalukuyang rate ng lokal na opsyon na singil sa buwis ng Distrito na $1.37 kada $1,000 ng tinasang halaga.

Ang lokal na opsyon na singil sa buwis ay nagbibigay ng pondo upang mapanatili ang mga guro at suportahan ang mga programang pang-edukasyon na inaalok sa Riverdale. Kung maaaprubahan, ang panukalang-batas na ito ay magbibigay ng karagdagang pondo upang suportahan ang mga programa sa pagtuturo, pagtatalaga ng mga kawani, at pangkalahatang operasyon ng Riverdale. Kung hindi maaaprubahan, kakailanganing bawasan ng Distrito ang badyet nito para sa 2026-27 nang mahigit $1,000,000, ang tinatayang katumbas ng pagtanggal ng pitong guro o pagbawas ng 21 araw ng pasok sa paaralan.

Ang rate ng buwis na $1.67 kada $1000 ng tinasang halaga ay katumbas ng tinatayang $167 kada taon para sa bawat $100,000 ng tinasang halaga, na isang pagtaas na $30 kada taon para sa bawat $100,000 ng tinasang halaga kumpara sa kasalukuyang ipinapataw na buwis.

Ang lokal na opsyon na singil sa buwis ay inaasahang makakalikom ng $7,530,900 sa loob ng limang taon:

$1,418,300 sa 2026-2027

$1,461,000 sa 2027-2028

$1,505,400 sa 2028-2029

$1,550,000 sa 2029-2030

$1,596,200 sa 2030-2031

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

**Ano ang Panukalang-Batas sa Lokal na Opsyon?**
Ang kasalukuyang lokal na opsyon na singil sa buwis ng Distrito ay magwawakas sa Hunyo 30, 2026. Kung walang pag-apruba ng mga botante, matatapos ang pagpapataw ng buwis at bababa ang pondo sa sero. Ang panukalang-batas na ito ay magtatatag ng limang taong pagpapataw ng buwis na $1.67 kada $1,000 ng tinasang halaga, na papalit sa singil sa buwis na magwawakas na. Ang lahat ng pondong malilikom ay mananatili sa Distrito ng Paaralang Riverdale (Riverdale School District) at gagamitin upang suportahan ang edukasyon ng mga mag-aaral sa Riverdale.

**Bakit kailangan ng Distrito ng Paaralang Riverdale (Riverdale School District) ang kita mula sa Lokal na Opsyon?**
Ang pondo mula sa estado ay hindi nakakasabay sa aktwal na gastos sa pagtuturo sa mga mag-aaral. Bagama't tumaas ang mga alokasyon ng estado nitong mga nakaraang taon, ang pondo na magagamit para sa pagtuturo sa klase at mga serbisyo para sa mga mag-aaral ay halos hindi pa rin nagbabago kumpara sa implasyon at pagtaas ng mga gastos sa operasyon. Ang Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis ay nagbibigay ng mahalagang pondo upang suportahan ang pagtatalaga ng mga tauhan, mga programa sa pagtuturo – kabilang ang Programang International Baccalaureate – at operasyon ng distrito. Noong 2025, kinilala ng Niche ang Riverdale bilang #1 na Pampublikong High School at #1 na Pampublikong K-8 sa Oregon.

- Noong 2024-25, nakatanggap ang Riverdale ng humigit-kumulang $11,000 para sa bawat mag-aaral mula sa pondo ng estado, samantalang ang aktwal na gastos sa pagtuturo sa isang mag-aaral ay higit pa sa $19,000. Napapanatili ng Distrito ang kasalukuyang antas ng edukasyon at suporta, pangunahin na sa pamamagitan ng Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis at suporta mula sa Foundation. Kung walang pondo mula sa pagpapataw ng buwis, kakailanganin ng Distrito na magsagawa ng mga malalaking pagbawas sa mga serbisyo.

**Ano ang maidudulot ng pag-apruba sa panukalang-batas na ito?**
Ipagpapatuloy ng pagpapataw ng buwis ang pondo na inaprubahan ng mga botante sa nakalipas na 25 taon (2000, 2005, 2010, 2015, at 2020). Hindi tumaas ang rate sa nakalipas na sampung taon. Sinusuportahan ng pondo mula sa Lokal na Opsyon ang pagpapanatili ng mga guro, mga programa sa pagtuturo, at pagtatalaga ng mga tauhan. Nakatutulong ito upang mapanatili ang mga kursong pang-akademiko, kabilang ang sining at musika, at sinusuportahan nito ang pangkalahatang operasyon. Kung hindi maaaprubahan ang ipapataw na buwis, kakailanganin ng Distrito na bawasan ang badyet para sa 2026-27 nang mahigit $1,000,000, na tinatayang katumbas ng pagtanggal ng pitong posisyon sa pagtuturo o pagbawas ng humigit-kumulang 21 araw ng pasok sa paaralan.

**Paano gagamitin ang mga pondong malilikom mula sa Lokal na Opsyon?**

Ang mga kita mula sa Lokal na Opsyon ay bahagi ng badyet para sa operasyon at sumusuporta sa:

- Pagpapanatili at pagkuha ng mga bihasang guro
- Pagpapanatili ng mga karanasang pampaaralan sa maliit na komunidad
- Pagsuporta sa mga programang pang-akademiko at pagpapayaman ng kaalaman
- Mga kagamitan at suplay sa pagtuturo
- Mga pangangailangan sa operasyon tulad ng seguridad at pagpapanatili ng pasilidad

**Magkano ang pondong malilikom sa pagpapataw ng buwis?**
Ang singil sa buwis na ito ay inaasahang makakalikom ng $7,530,900 sa loob ng limang taon:

- 2026-27: $1,418,300
- 2027-28: $1,461,000
- 2028-29: $1,505,400
- 2029-30: $1,550,000
- 2030-31: $1,596,200

**Paano makaaapekto ang pagpapataw ng buwis na ito sa aking mga buwis?**
Papalitan ng limang-taong pagpapataw ng buwis na ito ang kasalukuyang rate ng lokal na opsyon na singil sa buwis ng Riverdale na $1.37 kada $1,000 ng tinasang halaga sa pamamagitan ng bagong ipapataw na buwis na $1.67 kada $1,000 ng tinasang halaga, may pagkakaiba na $0.30 kada $1000 ng tinasang halaga.

- Para sa isang bahay na may tinasang halaga na $1,000,000, ang tinatayang gastos ay $1,670 kada taon ($139 kada buwan), humigit-kumulang $300 na dagdag kada taon, o $25 na dagdag kada buwan kumpara sa kasalukuyang rate. Ang mga aktwal na halaga ng buwis ay maaaring mag-iba dahil sa tinasang halaga, mga limitasyon sa Panukalang-Batas sa Balota 5, compression, at mga rate ng koleksyon.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Chris Russo, Superintendente, Distrito ng Paaralang Riverdale 51J (Riverdale School District 51J))*

# Panukalang-Batas 26-264
# Distrito na Tagasuplay ng Tubig sa Burlington (Burlington Water District)

Limang Taong Lokal na Opsyon sa Buwis para sa mga Operasyon kaugnay ng Pamatay-sunog at Ambulansiya

**TANONG:**
Dapat bang bumuo ang Distrito ng bagong limang-taong singil sa buwis na $1.70 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula 2026-2027? Ang panukalang-batas na ito ay bubuo ng mga bagong lokal na opsyon sa buwis na maaaring magdulot ng pagtaas ng buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Ang mga buwis ay gagamitin para tustusan ang mga gastusing binabayaran ng Distrito na Tagasuplay ng Tubig sa Burlington (Burlington Water District) sa Kagawaran ng Pamatay-sunog ng Lungsod ng Portland (City of Portland Fire Department) para sa mga serbisyong pang-emerhensiya (Pamatay-sunog at Ambulansiya) at mapanatili ang isang pondong pang-emerhensiya para sa mga karagdagang gastusin sa hinaharap.

Ang tinatayang kabuuang halaga na malilikom bawat taon ng pananalapi ay:

$81,961 sa 2026-2027
$84,420 sa 2027-2028
$86,953 sa 2028-2029
$89,561 sa 2029-2030
$92,248 sa 2030-2031

Ang tinatayang halaga ng buwis sa panukalang-batas na ito ay PAGTATANTYA LAMANG batay sa pinakamainam na impormasyong makukuha mula sa tagatasa ng county sa panahon ng pagtatantya at maaaring magpakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon. Ang isang ari-arian na may tinasang halaga na $166,000.00, ang average na tinasang halaga para sa distrito, ay magbabayad ng tinatayang $24 kada buwan na karagdagang buwis sa ari-arian.

### Pagpapaliwanag na Pahayag
Ang Distrito na Tagasuplay ng Tubig sa Burlington (Burlington Water District), isang korporasyong pang-munisipyo, ay nagbibigay ng mga serbisyo sa tubig at pang-emerhensiya sa humigit-kumulang 400 katao sa lugar ng Burlington sa Multnomah County. Ang Distrito ay kasalukuyang may kontrata sa Lungsod ng Portland (City of Portland) para sa mga serbisyong pang-emerhensiya (pamatay-sunog at ambulansiya) para sa mga residente at ari-arian nito. Ang mga serbisyong pang-emerhensiya na iyon ay binabayaran gamit ang mga kita sa buwis mula sa mga ari-arian sa loob ng mga

hangganan ng Distrito na Tagasuplay ng Tubig sa Burlington (Burlington Water District).

Sa halalang ito, hinihiling sa iyo ng Distrito na aprubahan ang karagdagang singil sa buwis na $1.70 kada $1,000 ng tinasang halaga upang matugunan ang tumataas na gastos para sa mga serbisyong pang-emerhensiya. Ang mga gastos mula sa Kawanihan ng Pamatay-sunog ng Lungsod ng Portland (City of Portland Fire Bureau) ay tumaas nang 10% kada taon sa nakalipas na apat na taon, halos doble ng average na paglago ng mga buwis sa ari-arian. Hindi na kayang tugunan ng kasalukuyang kita mula sa buwis sa ari-arian ang mga gastos sa mga serbisyong pang-emerhensiya at walang ibang mapagkukunan ng pondo ang Distrito para mabayaran ang mga serbisyong iyon.

Ang kahilingang ito para sa pagpapataw ng buwis ay walang epekto sa pangunahing tungkulin ng Distrito sa pagbibigay ng tubig, o sa mga rate ng tubig ng Distrito.

Ang pag-apruba sa ipapataw na buwis ay magdaragdag sa kasalukuyang $3.4269 na permanenteng rate at makalilikom ng tinatayang average na $87,029 taun-taon sa loob ng limang taon. Ang average na tinasang halaga para sa isang ari-arian sa ating distrito ng pagbubuwis ay $166,000. Para sa isang karaniwang ari-arian, ang kasalukuyang buwanang gastos para sa mga serbisyong pang-emerhensiya ay $47. Ang hiniling na lokal na opsyon na singil sa buwis ay magdaragdag ng $24 kada buwan para sa average na kabuuang gastos na $71 kada buwan.

Ang mga buwis na ito ay kinokolekta ng Multnomah County at maaari lamang gamitin sa pagbayad ng mga serbisyong pang-emerhensiya.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Richard T. Lovett, Tagapangulo ng Lupon, Distrito na Tagasuplay ng Tubig sa Burlington (Burlington Water District))*